


1

Musika

Unang Markahan – Modyul 4: Paglalapat ng Ostinato sa Paggawa



**Musika – Unang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 4: Paglalapat ng Ostinato sa Paggawa
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Rosalia P. Gaoiran
Editor: Jaima J. Pineda, Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez
Tagasuri: Denis M. Agbayani, Amador, Cabalonga
Tagaguhit: July L. Dalimot, Rhean R. Lintao, Rhonel Paz G. Mamaradlo,
Tagalapat: Rosalia P. Gaoiran, July L. Dalimot, Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez
Tagapamahala: Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Denis M. Agbayani
Romel B. Costales
Rodrigo V. Pascua
Amador C. Cabalonga
Maria Cristina A. Acosta
Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

Department of Education – Region II

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuquegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

Musika

Unang Markahan – Modyul 4:
Paglalapat ng Ostinato sa Paggawa

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay naihandang upang makabuo ng hulwarang ritmong ostinato sa pamamagitan ng iba't ibang kilos ng katawan.

Sa pamamagitan ng mga inihandang kasanayan, inaasahang ikaw ay makabuo ng ostinato ng may kasiyahan.

Pagkatapos ng mga kasanayan sa modyul na ito, inaasahang makabuo ng payak na hulwarang ritmong ostinato sa dalawahan (2s), tatluhan (3s) at apatan (4s) sa pamamagitan ng iba't-ibang kilos ng katawan. (MU1RH-Id-e-6).





Subukin

Gawain 1

a. Awitin

“ Mga Alaga Kong Hayop”



I. Lumipad, lumipad ang ibon,
 ang ibon, ang ibon
 Lumipad, lumipad ang ibon,
 sa magandang pugad

II. Tumakbo, tumakbo ang pusa,
 ang pusa, ang pusa
 Tumakbo, tumakbo ang pusa,
 sa loob ng bahay.

b. Lumikha ng sariling ostinato sa kahon. Sundin ang halimbawa sa unang sukat. Isulat sa papel ang sagot.

Hulwarang ritmong ostinato para sa Dalawahan

		
1 2	1 2	1 2

c. Gamit ang nalikhang hulwarang ritmong ostinato, awitin ang “Mga Alaga Kong Hayop” lapatan ng ibat-ibang kilos ng katawan

- kilos ng paglipad
- kilos ng pagtakbo
- Ibang kilos gaya ng paglundag, pagpadyak at pagkembot.

Gawain 2

Sa pagbuo at pagsasagawa ng hulwarang ritmong ostinato, maaring lapatan ng ibat-ibang kilos ng katawan



- Sabayan ng kilos ng katawan sa hulwarang ritmong dalawahan upang makabuo ng ostinato habang inaawit ang “Leron-Leron Sinta”. Sundin ang **steady beat** sa pagsasagawa.

Dalawahan (2s)





Leron- Leron Sinta

Leron Leron sinta Buko ng papaya
 Dala dala'y buslo sisidlan ng Sinta
 Pagdating sa dulo'y nabali ang sanga
 Kapos kapalaran humanap ng iba.

Kopyahin ang tsart sa iyong papel. Lagyan ng (/) sa hanay A kung nakalikha ng ostinato at (X) sa hanay B kung hindi nakalikha ng ostinato.

Mga kilos ng katawan	A. Nakalikha ng ostinato	B. Hindi nakalikha
pagpalakpak		
pagpadyak		
pagtapik sa mesa		
paglundag		
pagwagayway ng kamay		

Gawain 3

Gumawa ng kilos hakbang pansayaw gamit ang mga bahagi ng katawan sa pagsasagawa ng hulwarang ritmong tatluhan habang inaawit ang “Bahay Kubo”. Sundin ang “Steady Beat”.

Tatluhan (3s)




Bahay Kubo

Bahay kubo, kahit munti
Ang halaman doon, ay sari-sari
Singkamas at talong
Sigarilyas at mani, sitaw, bataw, patani
Kundol, patola, upo't kalabasa
At saka mayron pang labanos, mustasa
Sibuyas, kamatis, bawang at luya
Sa paligid-ligid ay puno ng linga.

Gawain 4

Awitin ang “**Are You Sleeping**” pumapalakpak. Sundin ang “steady beat” sa pagsasagawa. Ang hulwarang ritmo sa ibaba ang gabay sa bilang ng kumpas. Sagutin ang mga katanungan sa ibaba pagkatapos ng pagsasagawa. Isulat ang sagot sa papel.

Apatan (4s)



Are You Sleeping

Are you sleeping, are you sleeping
Brother John, Brother John
Morning bells are ringing
Morning bells are ringing
Ding, dong ding, Ding, dong, ding

Iguhit ang ☆ kung nagawa at ☾ kung hindi nagawa.
Gawin ito sa papel.

- _____ 1. Naawit nang wasto ang “Are You Sleeping”.
- _____ 2. Nakalikha ng payak na hulwarang ritmong ostinato sa apatan (4s) sa pamamagitan ng pagpalakpak.
- _____ 3. Nakalikha ng payak na hulwarang ritmong ostinato sa apatan (4s) sa pamamagitan ng pagtapik sa hita.
- _____ 4. Nakalikha ng payak na hulwarang ritmong ostinato sa apatan (4s) sa iba pang kilos ng katawan.
- _____ 5. Nakalikha ng ostinato kasabay ng pagkilos ng katawan sa bilang ng isa, dalawa, tatlo, apat.



Aralin 1

Paglalapat ng Ostinato



Balikan


Iguhit sa papel ang mga larawan sa ibaba, hatiin gamit ang **barline** (|) ayon sa bilang ng kumpas na nasa kaliwa.





Tuklasin

Nakapanood ka na ba ng mga sundalong nagmamartsa. Ganito ang paulit-ulit na kilos na kanilang ginagawa. Sabay-sabay at paulit-ulit ang kanilang kilos dahil may kumpas silang sinusunod. Alam mo ba ang tawag dito?



Bigkasinang tugma. Sabayan ng martsa.
(Dalawahan-2s)

Tayo'y Magmartsa



Isa dalawa isa dalawa hu- man- da



Isa dalawa isa dalawa mag- mart- sa

Gawain 1

Lagyan ng (✓) kung tama at (X) kung mali. Isulat sa papel ang iyong sagot.

- _____ 1. Ang kilos na ginawa ay pagmartsa.
- _____ 2. Ang pagmartsa ay may dalawang kumpas.
- _____ 3. Ang kilos ay ginawa ng paulit-ulit.
- _____ 4. Maaaring isagawa ang pagpalakpak sa pagsasagawa ng kilos.
- _____ 5. Nasundan ang huwarang ritmo na ginamit sa pagmartsa.



Suriin

Alam mo ba na ang isang awit o tugma ay maaaring sabayan ng mga bagay na nakalilikha ng tunog gamit ang isang hulwarang ritmo? Ito ay isinasagawa ng paulit-ulit.


Ang **hulwarang ritmong paulit-ulit** na ipinapalakpak o ipinapadyak kasabay ang pangunahing awit o ang tinatawag na **ostinato**.

Pagyamanin

Gawain 1

Lumikha ng hulwarang ritmong ostinato sa tatluhan (3s) sa pamamagitan ng **pagpalakpak**. Kasabay ng pagbigkas sa tugmang “Magbilang Tayo”.

Hulwarang ritmong tatluhan (3s)




“Magbilang Tayo”

Ni: Rosalia P. Gaoiran

Isa, dalawa, tatlo
Sabay sabay tayo
Apat lima anim
Itaas kamay natin
Pito walo siyam
Igalaw ang katawan
Sa bilang ng sampu
Nalikha’y ostinato

Kopyahin sa papel. Iguhit ang **hulwarang ritmo** na ginamit sa pagsasagawa ng **ostinato** sa tugma. Sundin ang nasa unang sukat. Iguhit sa papel.



Gawain 2

Iguhit ang bilog ○ kung nagawa mo at parisukat □ kung hindi nagawa. Gawin ito sa isang papel.


- _____ 1. Naisagawa ng wasto ang kumpas na tatluhan (3s) sa bilang na isa, dalawa, tatlo.
- _____ 2. Nakalikha ng hulwarang ritmong ostinato sa tatluhan (3s) sa pamamagitan ng pagpalakpak.
- _____ 3. Nagamit din ang pagtapik sa hita hulwarang ritmong ostinato sa tatluhan (3s)
- _____ 4. Nasiyahan sa paglikha ng ostinato gamit ang kilos ng katawan.
- _____ 5. Naipakita ang pagkamalikhain sa nabuong ostinato.

Gawain 3


Bigkasing muli ang “Magbilang Tayo” kasabay ng kilos ng **ibat-ibang bahagi ng katawan**. Ulitin ang pagbigkas hanggang matapos ang mga kilos nasa larawan.



Paglundag



Pagkembot



Pagpalakpak




Pagtapik sa hita

a. Magsanay sa pagsasagawa ng iba't ibang kilos ng katawan. Gamitin ang hulwarang ritmo sa ibaba.



Apatan (4s) (Hulwarang panritmo)



b. Awitin ang “Kung Ikaw Ay Masaya” sa hulwarang ritmang ostinato na nasa itaas. Sabayan ng pagkilos ng ibat-ibang bahagi ng katawan.

Kung Ikaw Ay Masaya

Kung ikaw ay masaya tumawa ka (ha, ha)
 Kung ikaw ay masaya tumawa ka (ha, ha)
 Kung ikaw ay masaya buhay mo ay sisigla
 Kung ikaw ay masaya tumawa ka (ha, ha)

- pumalakpak
- pumadyak
- kumembot

Gawain 4

Sagutin ang mga tanong at isulat sa papel ang sagot.

1. Ilan ang bilang ng pagkumpas sa bawat linya ng awit?
a. apat b. dalawa
2. Ilang kilos ng katawan ang ginamit sa paglikha ng ostinato sa awit?
a. 4 b. 3
3. Anong kilos ng katawan ang maari mo pang isagawa habang inaawit ang “Kung Ikaw ay Masaya”?
a. lumundag b. tumayo
4. Ano ang natutunan mo habang isinasagawa ang ibat-ibang kilos ng katawan?
a. ostinato b. pagbilang
5. Ano ang iyong naramdaman habang sinasabayan ng kilos ang awit?



Isaisip

Ang hulwarang ritmo na **paulit-ulit** ay tinatawag na **ostinato**.


Ginagamit ang iba't ibang kilos ng katawan upang makabuo ng **ostinato**.



Isagawa

Gawin ang mga kilos ng apat na beses sa bawat sukat sa hulwarang ritmong apatan. Sundin ang “steady beat” sa pagsasagawa at pagbuo ng *ostinato*.

Apatan (4s) (Hulwarang panritmo)



1. lakad

lakad

lakad

lakad

2. lundag

lundag

lundag

lundag

3. tapik

tapik

tapik

tapik

4. kembot

kembot

kembot

kembot

5. padyak

padyak

padyak

padyak



Tayahin

Gawain 1

Bigkasin ang tugma na “Tayo’y Magmartsa” at sabayan ng pagmartsa.

Gawain 2

Bigkasin ang tugma “Magbilang Tayo” at sabayan ng pagpalakpak.

Gawain 3

Awitin ang “Kung ikaw ay Masaya” sabayan ng iba’t-ibang kilos


Kopyahin ang tsart sa iyong papel. Lagyan ng (/) sa hanay A kung nakalikha ng ostinato at (X) sa hanay B kung hindi nakalikha ng ostinato.

Mga kilos ng katawan	A. Nakalikha ng ostinato	B. Hindi nakalikha
pagpalakpak		
pagpadyak		
pagtapik sa mesa		
paglundag		
pagwagayway ng kamay		



Karagdagang Gawain

Gumawa o lumikha ng sariling ostinato sa hulwarang ritmong dalawahan (2s). Gamitin ito sa pagsasagawa ng kilos ng katawan habang inaawit ang “Si Jack at si Jill”.



“Si Jack at si Jill”
(Melodi: Jack and Jill)
Ni: Rhonel Paz G. Mamaradlo

Jack at Jill naglalaro
Sa bukid na malayo
Ngunit nawala si Jill
Matapos na magtago
Tra la la la la la (3X)
Matapos na magtago

Lagyan ng (✓) kung naisagawa at (X) kung hindi naisagawa: Isulat ang sagot sa papel.

- _____ 1. Nasundan ang bilang ng kumpas sa paglikha ng ostinato na 1, 2.
- _____ 2. Nakalikha ng hulwarang ritmong ostinato sa Dalawahan (2s) sa pamamagitan ng pagpalakpak.
- _____ 3. Nakalikha ng hulwarang ritmong ostinato sa dalawahan (2s) sa pamamagitan ng ibat' ibang kilos ng katawan.



Susi sa Pagwawasto

Module 4
Subukin
Gawain 1

a. pag awit
b. Iba-iba ang sagot

Gawain 1

Baliklan

Gawain 2

Hanyay B	1. /
Hanyay A	2. /
	3. /
	4. /
	5. /

Tuklasin

1. /
2. /
3. /
4. /
5. /

Gawain 3

a. paglundang
b. pagkembot
c. pagpalakpak
d. pagtapik sa hita

Gawain 4

1. Iakad
2. lundang
3. tapik
4. kembot
5. padyak

Gawain 3

Bigkasin ang "Magbiyang Tayo" kasabay ng mga kilos

a. paglundang
b. pagkembot
c. pagpalakpak
d. pagtapik sa hita

Gawain 4

1. Iakad
2. lundang
3. tapik
4. kembot
5. padyak

Tayahin

Gawain 1

Bigkasin ang "Tayo'y Magmartsa" at sasabayan kilos.

Gawain 2

Bigkasin ang "Magbiyang Tayo" at sasabayan ng kilos

Gawain 3

Awitin ang "Kung ikaw ay Masaya"

sasabayan ng iba't-ibang kilos

Gawain 4

1. a
2. a
3. a
4. a
5. iba't-iba ang sagot

Gawain 2

1. O
2. O
3. O
4. O
5. O

Gawain 1

Karagdagang Gawain

1. /
2. /
3. /

Sanggunian

Revised MELC for Music Grade 1

K to 12 Teacher's Guide in Music and Arts Grade 1

K to 12 Learner's Materials in Music and Arts Grade 1

Book:

The 21th Century MAPEH in ACTION Teacher's Resource

Material by: Ma. Karina Melody Zabala-Hernandez, Nonita

Alcaraz-Zabala, Gerardo C. Lacia, Miria N. Castalejo, Girly

Grace L. Delos Reyes,

Ferdilva C. Lacta-coordinator

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph